

**Paglago Hanggang
Sa Kasakdalan ng
Buhay Na Walang
Hanggan!**

By B. R. Hicks

Paraphrased and Edited by Betty Conway



**Christ Gospel Press
P. O. Box 786
Jeffersonville, Indiana 47131-0786**

This book is a direct translation of the English version which is copyrighted in the USA in the name of Christ Gospel Churches International Incorporated, PO Box 786, Jeffersonville, Indiana, 47131-0786 and registered with the United States Copyright Office in Washington, D.C.

Under the world treaty, all rights are reserved. No part of this publication may be produced, stored in a retrieval system, or transmitted in any graphic, mechanical, photocopying, recording, or otherwise without the prior written permission of the author and publisher.


Publisher: Christ Gospel Press
P. O Box 786
Jeffersonville, Indiana 47131-0786

© Christ Gospel Churches International, Inc., 1991

Originally copyrighted under the title of © “Growing Up To The Fullness of Eternal Life”

All rights reserved.
Printed in the United States of America.

Tagalog (Filipino) Edition © Christ Gospel Churches International, Inc. 2014




BUHAY! PAGLAGO! Dito sa lupa walang ibang nagbibigay ng higit na kaligayahan at gantimpala liban sa karanasan ng paglago. Mula sa unang pag galaw ng sanggol sa sinapupunan ng kanyang ina hanggang sa pagsibol ng usbong na butil sa bukid ng magsasaka, ang buhay ay nagbibigay pag asa, katuparan, at kasiyahan. Ang pinagmulan ng lahat ng buhay at paglago sa lahat ng kaharian ng nilalalang ay ang PANGINOONG Dios. Kung gayon, ang kaligayahan, pag asa, katuparan, at kasiyahan na nararamdaman ng isang nagmamasid sa pag lago ng buhay na nangyayari sa natural na kalagayan ay gayon din ang nararanasan habang ang isang Kristiyano ay natututong makakilala sa PANGINOONG Jesu-Cristo sa patuloy na pag-unlad ng espirtual na kapahayagan nila mula sa Kanyang Salita.

Kung walang paglago hanggang sa kaganapan ng gulang sa espiritu, kaluluwa at katawan ng tao, ang kanyang buhay ay magiging malabo at madalas nauuwi sa pagiging laging bata. Kapag ang katawan ay tumigil sa paglago, may hindi magandang nangyari, sa isang banda, hinahadlangan nito ang pagpasok sa paglago hanggang sa kasukdulan ng kasiyahan at kakontentuhan ng buhay. Bawat antas ng paglago ng tao sa espiritu, kaluluwa at katawan ay nagdadagdag ng bagong lalim, taas, haba, at lapad ng luwang na yaman at kaligayahan. Sino ang makokontento na manatiling bata buong buhay nya? Tunay, ang sanggol ay namamahagi ng kasiyahan sa pagtanggap ng pag ibig, ngunit hindi nito mararanasan ang malalim, nananatiling pag ibig ng isang ganap na tao na natutunan ang kasiyahan sa pagbibigay ng pag ibig at pagtanggap ng pag ibig. Walang gayong gantimpala sa pananatiling bata dahil sa limitado nitong anyo at mentalidad na syang humahadlang sa kanilang karanasan.

Napakahalaga para sa lahat ng uri na may buhay ang lumago. Kung walang paglago sa buhay ng mga halaman, ang tao ay mamamatay sa gutom. Kung ang

halaman ay tumigil sa paglaki, hindi ito mamumunga o magbibigay man lamang ng butil para muling makapamunga.

Ang paglago ay napakahalaga sa pagpapatuloy ng ating pisikal na pananatili, at ang paglago ay mahalaga sa pagpapatuloy ng ating espiritual na pananatili. Nagplano ang Dios para sa lahat ng bagay maging sa natural o espiritual na manatiling buhay sa magkaagapay na paraan. Kung ano ang nakikita sa natural na kalagayan ganon din sa espiritwal, at lahat ng bagay sa magkakaibang kalagayan ay gumagalaw ayon sa Batas ng Dios.



Halimbawa, dinisenyo ng Dios lahat ng *natural*, paglago ng mga bagay na nagsisimula sa buto at, pagkatapos, lumago sa ibat-ibang antas hanggang sa makarating sa kaganapan. Ang *Espiritual* na paglago ay nagmumula rin sa anyong Buto.

Sa kalagayan ng natural na paglago, gaya ng pagiging buto, may mga ibang kundisyon ang kailangang maganap upang ang paglago ay mangyari. Ang iba sa mga kundisyong ito ay ibinibigay ng Maylalang na libre. Ibinigay Niya ang lupa, ang araw, ang hangin, at tubig, gayon din ang buhay ng butil o buto. Ang iba pang makakatulong sa paglago at pag-unlad, ay kinakailangang hanapin at matutunan ng tao sa pamamagitan ng kanyang pagpupursige upang umunlad. Kailangang matutunan ng tao na magbungkal ng lupa, magtanim, alagaan ito at bigyan ng pataba upang mamunga ng maraming ani.

Sa gayon ding paraan itinulad ng Dios ang planong paglago sa Espiritual na Puso ng isang mananampalataya. Hangga't isinasalang alang ang mga mananampalataya, ang espiritual at natural na paglago ay magkaagapay na pagpupursige sa pagitan nila at ng Dios.

Ang kaligtasan ay dumating sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng walang bayad na kaloob na Pag-ibig ng Dios na sinugo ang Kanyang Anak bilang walang dungis na Kordero na maging Sakripisyo para sa kasalanan ng sangkatauhan. Si Jesu-Cristo ay Araw ng Katuwiran, ang Hininga ng Buhay, ang Tubig ng Buhay at ang Binhi ng Buhay na binigay ng Dios sa bawat sumampalataya. Ang puso ng tao ay lupa na kung saan doon Niya itinatanim ang Kanyang Binhi ng Buhay. Kinakailangan ng mga mananampalataya na palaguin ang Buhay ng binhi sa pamamagitan ng pagbibigay dito ng proteksyon, pagpakain at pagdidilig niyaon kung isasakatuparan nila ang Plano ng Dios, upang ang bawat Binhi ay umabot sa kaganapan ng gulang.

Matapos na siya'y maging Kristiano, dapat madiskubre ng isang mananampalataya kung paano ang nagpapalago sa Binhi ng Buhay at malaman kung paano payayabungin ang paglago ng espirtual na Binhi ng Buhay na itanim ng Pag-ibig ng Dios sa kanyang puso nang panahon ng kaligtasan. Ang bagong Binhi ng Buhay na ito, ay ibinibigay na walang bayad ng Maylikha. Mula dito, anoman ang gawin ng isang mananampalataya sa kanyang espirtual na kaloob na Buhay mula sa Dios ay siya na ang bahala.

Kung, sa paglipas ng panahon, maramdaman ng isang Kristiyano na ang kanyang buhay ay umabot sa panlulumo at ang kanyang kasiyahan sa Panginoon ay bumaba, malamang huminto na siya sa paglago. Ang mga bagay na patuloy sa paglago sa natural na kalagayan ay patuloy tumataas paabot sa araw, nagpupumilit na hawiin ang mga hadlang para maabot ang liwanag. Gayon din, sa espirtual na kalagayan, ang paglago ay tumutukoy sa mga gawa. Kinakailangan ang mananampalataya ay nagpapatuloy umabot sa Dios ang kanyang pag-iisip, kilos, at pakiramdam at nagpapatuloy hawiin ang mga gawa ng kadiliman at kamalian upang maabot ang Liwanag ng Katotohanan. Kung siya ay nagpapatuloy patungo sa kaganapan ng gulang, kinakailangan niya laging umabot pataas sa Araw ng Katuwiran. Ibinibigay pataas sa Langit ng lumalagong Kristyano ang kanyang pag-iisip; ang kanyang mga kilos ay mga pagpupuri para sa kanyang Tagapagligtas at ang kanyang puso ay lagi nang nagmamadali pataas sa pag-ibig at pagsamba sa pagkakataong makilala niya ang Pag-ibig at Malasakit ng Maylalang sa Kanya.

Naglagay ang Dios ng magagandang aral ng paglago sa lahat ng natural na kalagayan na siyang larawan ng espirtual na mga aral na dapat matutunan ng isang mananampalataya para lumago, kung nais niyang matanggap ang Sakdal na Layunin ng Dios sa kanyang buhay. Sa Kanyang Banal na Salita, nagbigay ang Dios ng malinaw na utos at gabay ng Kanyang mga Plano para sa espirtual na paglago na magdadala sa mga mananampalataya mula sa pagiging butil hanggang sa lubusang paglagong espirtual kay Cristo Jesus. Sinoman ay walang

maidadahilan para manatiling walang kakayahang bata sa espirtual.

Sapagkat ang paglago ay pinakamahalagang bahagi ng Plano ng Dios para sa mga mananampalataya, *inutos* Niya na sila ay magsilago. Upang makamit ang matagumpay na simula, kinakailangan ng isang tao na ihiwalay ang kanyang sarili sa mga bagay na humahadlang sa espirtual na paglago. Sa pamamagitan ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, isinulat ni Pedro ang ganitong kautusan:

Kaya't sa paghihiwalay ng lahat na kasamaan, at lahat ng pagdaraya, at pagpapaimbabaw, at mga pananaghili, at lahat ng panglalait, gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay naisin ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa espiritu, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa ikaliligtas; Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya: (I Pedro 2:1-3).

May mga kasalanang sumisira sa pag ibig at pagnanasa natin para sa Salita ng Dios; kung gayon, ang mga kasalanang ito ang humahadlang sa panimula ng paglago ng Salita ng Dios sa ating puso. May mga ibang kasalanan na humahadlang sa Bagong Puso matapos ito magpasimulang lumago, subalit ang isang kasalanang dapat talunin ng mananampalataya, kahit sa pagsisimula pa lamang ng kanyang paglalakbay patungo sa paglago, ay ang *kawalan ng pagnanasang* lumago. Ang pinaka susing salita sa buhay ng *sinoman* para gawin ang *anoman* ay ang kanyang *pagnanasa*. Lagi nang ginagawa ng tao ang anomang kanilang *nasaing* gawin. Nilista ni Apostol Pedro ang ilang makamundong kaugalian na nagnanakaw sa pagnanasa ng isang Kristiano na higit na makaalam ng mga bagay tungkol sa DIOS. Ang puso na puno ng masasamang hangarin (paghihiganti), pandaraya (nakakaingganyong kasinungalingan), pagkukunwari (huwad na paguugali), pananaghili (inggit sa tagumpay ng iba), masamang pananalita (paninira sa kapwa), ay hindi kailan man makapagpupuno ng mabubuting nasa ng pag-ibig at pagtitiyaga sa pag aaral ng Salita ng Dios. Napakahalaga ang pag-aaral sapagkat kinakailangan ng kaunawaan sa Kasulatan upang lumago sa Biyaya at Kaalaman ng PANGINOON at Tagapagligtas, si Jesucristo. “Datapwat **magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo**. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailan man. Siya nawa.” (II Pedro 3:18).

Pinapakain at pinapalusog ng Salita ng Dios ang espirtual na Binhi ng Buhay sa ating puso. Ang Salita ng Dios ay hindi lamang pagkain para Bagong Puso o Espirtual na Pagkatao, ito rin ay salamin na kung saan makakakita ang “masamang pagkatao” natin. Gayon pa man, madalas nais ng mga tao na ilabas ang kaniyang masamang imahe kapag ito ay puno ng makasalanang pag uugali, pandaraya, pagkukunwari, pananaghili at salitang masasama. Subalit sinomang sumasaliksik ng Salita ng Dios dahil sa pagnanasa lumago ay makakasumpong ng

Tubig ng Katotohanan na maghuhugas sa kanilang puso mula sa mga masasamang hadlang na ito. Ang paglago ay makakamit kung ipapahayag ng mananampalataya ang masamang kamaliang ito kay Hesus at hilingin sa Kanya na linisin ang lumang puso sa pamamagitan ng Kanyang mahalagang Dugo. Kung magkagayon, sa pamamagitan ng nabubong Dugo ni Hesus at sa pamamagitan ng Tubig ng Kanyang Salita, ang paglilinis sa lumang pagkatao o maruming puso ay matatamo. Kapag ang makasalanan bahagi ng mananampalataya ay malinis na mula sa lumang puso, nag iiwan ito ng lugar para sa paglago ng bagong Binhi ng Buhay na natamo niya sa panahon ng Kaligtasan.



Kinakailangan ang magkatuwang na pagsisikap ng Dios at ng mananampalataya upang maganap ang kapanganakang espiritual at upang ang espiritual na paglago ay magtagumpay sa puso ng mga mananampalataya. Una, kinakailangan makilala ng kaluluwa ang kanyang makasalanang kalagayan sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios. Pangalawa, kinakailangan siyang magsisi sa kanyang kasalanan at tanggapin si Hesucristo bilang Tagapagligtas. Pangatlo, bibigyan ni Hesus ang nagsisising kaluluwa ng Binhi ng Buhay sa pamamagitan ng Bagong Pusong espiritual. Pang apat, kinakailangan magkaroon ang tao ng espiritual na pagnanasang lumago upang ang Bagong Buhay na ito ay lumago sa loob niya. Kung wala ang pagnanasang ito na lumago, dapat hanapin ng mananampalataya ang Dios at magpalinis sa mga gayong pag uugali na kawalang bahala at panlalamig sa kanyang puso sa pamamagitan ng Dugo ni Jesucristo. Kailangan din ng mananampalatayang pag aralan ang Salita ng Dios upang

matuklasan ang sikreto, nakakubli, makalamang damdamin ng kanyang lumang puso na dapat maalis upang ang kanyang puso ay mapuno ng Mabubuting Batas ng Dios. Tanging ang pagtira ng Mabubuting Batas ng Dios ang magkokontrol sa puso ng mananampalataya at buhay nito upang hindi na siya muli pang manumbalik sa dating masamang lakad at gawa.

Sa masusing pag aaral ng Salita ng Dios lamang maliliwanagan at mapapangyaring lumago ang Kristiano habang sinusunod niya ang mga Plano ng Dios sa paglago hanggang sa kaganapan ng gulang sa espirtual. Ang paglalaan ng oras sa Salita ng Dios ng isang mananampalataya ay nagbibigay ng masayang pagtanggap sa Maylikha at sa Kanyang Pangunahing Plano. Binibigyan ng Salita ng Dios ang mga mananampalataya ng kaalaman kung paano sumunod sa Kanyang Plano at Layunin para sa kanyang buhay. Layon ng Dios sa bawat Kristiano na lumago sa Katotohanan – lumipas na ang ugaling bata, kamangmangan sa Katotohanan, mahinang pananampalataya, maling hatol, tukso sa kasamaan, hindi matatag na pag uugali – hanggang sa kasakdalan at espirtual na pag gulang kay Jesucristo.

Paano lalago ang isang Kristiano kung mayroon na siyang pagnanasang lumago? Nagbibigay ang Dios ng tiyak na detalye o gabay na susunodin ng mananampalataya upang lumago hanggang sa kasakdalan ng Espiritual na Pangangatawan ni Jesucristo. Ang mga gabay na ito ay naglalarawan kay Cristo at Kanyang Pangangatawan kasama ng Kanyang Banal na Pag uugali at Kanyang Banal na Kalikasan. Si Jesucristo ang sakdal na halimbawa ng mga mananampalataya. Kailangan madiskubre ng mga mananampalataya kung ano si Jesucristo, ang Tagapaglikha, upang maisuot ang Kanyang Kalikasan. Ang pangunahing kalikasan ni Jesucristo ay ang pag-ibig at pagsunod sa Kalooban ng Ama. Ang buong Bibliya ay nagpapahayag ng kalikasan ni Jesucristo at Kanyang Pag-ibig at Pagsunod sa Dios, ang Ama.

Noong una, ang tao ay nilikha ayon sa Larawan at Wangis ng Dios at ito'y sakdal. Subalit ang tao ay nagkasala at lumabag sa Kalooban ng Dios. Sa pag gawa niyaon, sinira niya ang Larawan at Wangis ng Dios sa kanyang kaluluwa. Si Jesucristo ay nagtiis, namatay at muling nabuhay upang papanumbalikin ang tao sa kanyang orihinal na kalagayan ng kasakdalan ayon sa Larawan at Wangis ng Dios. Ang pagpapanumbalik na iyon ang umaakay sa tao pabalik sa pag-ibig sa Kalooban ng Dios at Pagsunod sa Dios.

Habang ang mananampalataya ay palago ng palago sa Kalikasang Pag ibig at Pagsunod ni Hesus, unti-unti namang hindi na siya nagiging kagaya ng nahulog na si Lucifer, na ang kalooban ay puno ng kapootan/kagalitan at masuwayin sa Dios. Namana ng tao ang kalikasan ni Licifer na kapootan at pagsuway sa Kalooban ng Dios nang siya ay magkasala laban sa Dios sa Halamanan ng Eden.

Subalit pinapanumbalik ni Hesus ang nagsisising tao sa pag ibig at pagsunod sa Kalooban ng Dios.

Habang ang Kristiano ay nananalangin at nag aaral ng Salita ng Dios, sa isang banda, ay binibuksan ng Banal na Espiritu ang Kanyang mata upang Makita ang Pag ibig at Pagsunod ni Hesus; sa kabilang banda, ipinapakilala ng Espiritu kung paano siya nahulog sa pagiging kawangis ni Hesus. Ang pagbibigay pansin sa Salita ng Dios ay nagpapanumbalik sa mananampalataya sa kanyang banal, ganap na kalikasan ng pag ibig at pagsunod. Ito ang ibig sabihin ng paglago. Ang maka-Adang kalikasan ng tao ay hindi nalilipol nang minsan lamang mula ng tanggapin niya ang kaligtasan, subalit unti unti ang pagbabago habang siya'y nagpapasakop sa Dios, araw araw, at maghugas sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dugo ni Jesucristo at sa Tubig ng Katotohanan mula sa Salita ng Dios. Habang ang mananampalataya ay nagtatamo ng Kaalaman, Kaunawaan at Karunungan sa masusing pag aaral ng Salita ng Dios, nakikita niya ang maling pag uugali sa kanyang maruming kalikasan na kontra sa Kalikasan ni Hesus, kung magkagayon, madali siyang makakapagsisi.

Ang tunay na *alagad* ni Cristo ay natututo mula sa Salita at Espiritu kung paano dadalhin kay Hesus ang kanyang kasalanan at kamalian upang maaari silang mabago mula sa makasalang lakas hanggang sa matuwid na lakas sa pamamagitan ng Dugo ng PANGINOONG Jesucristo. Ang matuwid na kalakasang ito ay makikita sa tamang kilos, tamang pag iisip at tamang damdamin.

Bilang pinagmulan ng lahat ng Buhay at Kalakasan, binigyan ng Dios ang tao ng lakas at buhay upang mapuri at masamba Siya bilang Manlilikha. Kung ginagamit ng tao ang kanyang buhay upang purihin at itaas ang nilalang at hanapin ang kaligayahan sa mundong ito at kanyang sariling kapakinabangan, siya ay nagkakasala. Kung aminin ng tao na siya ay makasalanan at hingin ang kapatawaran, ibinabalik ng Dios ang buhay at kalakasan na ginamit ng tao sa mali at inabuso ito at ginagawa Niyang matuwid na kalakasan upang magamit ng tao sa kanyang matuwid na pamumuhay. Ang mahimalang paglipat ng ganitong kalakasan ay nagaganap sa pamamagitan ng supernatural, muling pagkabuhay na Dugo ni Hesus, na katanggaptanggap na paraan ng Dios na pakikipagkasundo para sa kasalanan. Noong panahon ng Lumang Tipan, iniaalay ang mga hayop para sa kasalanan hanggang sa dumating ang Sakdal na Alay na ginawa sa pamamagitan ng Anak ng Dios, ang walang dungis na Kordero ng Dios, si Jesucristo.

Tunay na ang kabayaran ng kasalanan, na Kamatayan, ay mabubura sa oras na tanggapin ng tao ang Dugo ni Hesus para sa Kanyang Kaligtasan. Subalit ang lubusang pagbabago ng dating pagkatao na kapootan at pagsuway ay

nangangailangan ng panahon, sapagkat hindi pinapahintulot ng Dios na makita lahat ang kanyang kasalanan at kamalian ng minsan lamang. Ang gayong pagpapahayag ay nagdudulot ng panghihina sa isang tao na higit sa kanyang kakayahan na kayanin ang gayong sitwasyon. Kinakailangan ng Biyaya at Kapangyarihan ng Dios upang makita at matanggap ang isang masamang pagkakamali. At, ang pagkakaroon ng pagnanasang magbago para sa Dios sa kung anong makita niya sa kanyang sarili ay nangangailangan ng higit pang Biyaya at Kapangyarihang. Subalit ang Biyaya at Kapangyarihan ng Dios ay sapat sa lahat ng mga bagay na ito. Kaya naman, dapat lagi nang hinahanap ng Kristiano ang higit at higit na Biyaya at Kapangyarihan mula kay Jesucristo upang unti unti siyang makapagbago pabalik sa orihinal na Larawan, ang Larawan ng Manlilikha.

Ang pinakadetalyadong halimbawa ng Pangangatawan o Larawan ng Anak ng Dios ay matatagpuan sa Disenyo ng Tabernakulo. Ang huwarang larawan na ibinigay ng Dios kay Moises sa pagtatayo ng Tabernakulo sa Lumang Tipan ay parehong larawan sa literal na Tabernakulo, na ginamit ng Israel upang sumamba sa Dios, at larawan, hugis, anino at tipo nang higit na mas sakdal na Tabernakulo, si Jesucristo. Bawat isang bahagi at gamit sa Huwarang Larawan ng Tabernakulo ay tipo ng ibang bahagi ng Pangangatawan ng Anak ng Dios. Ito ay ipinaliwanag sa Aklat ng Hebreo.

Na ipinakikilala ng Espiritu Santo, na hindi pa naihayag ang pagpasok sa dakong banal **samantalang natatayo pa ang unang tabernakulo; Na yao'y isang talinhaga ng panahong kasalukuyan;** ayon dito ay inihahandog ang mga kaloob at mga hain, tungkol sa budhi, na hindi magpapasakdal sa sumasamba, palibhasa'y palatuntunan lamang na ukol sa laman, na iniatang hanggang sa panahon ng pagbabago (gaya ng mga pagkain at mga inumin at sarisaring paglilinis). **Ngunit pagdating ni Cristo na dakilang saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, sa makatuwid бага'y hindi sa paglalang na ito;** (Hebreo 9:8-11).

Ang Buhay at Ministeryo ni Hesus ay ang nakikitang katuparan ng larawan, detalyadong halimbawa, anino at tipo na natagpuan sa Tabernakulo sa Lumang Tipan. Upang magtayo o lumago sa espiritual, kinakailangang sumunod ang mananampalataya sa Pangulong Plano ng Dios na ipinahayag sa pamamagitan ni Jesucristo. Ang Pangulong Plano ng Dios para sa pagtatayo ng espiritual na gusali ay nagmumula sa Pinaka Batong Panulok, at magtatapos sa Kanya rin.


Sapagkat sa pamamagitan niya tayo'y may pagpasok sa isang Espiritu rin

sa Ama. Kaya nga hindi na kayo taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios, Na mga itinayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok; Na sa kanya'y ang buong gusali, na nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon; Na sa kanya'y itinayo naman kayo upang maging tahanan ng Dios sa Espiritu. (Efeso 2:18-22).

Si Jesucristo ang May-Akda at Sumasakdal ng ating pananampalataya. Hindi maaring balewalain ng tao ang ibinigay na Plano ng Dios sa pagtatamo ng Katotohanan. Kung susundin ng tao ang kanyang sariling plano at iniisip na maaari niyang iligtas ang sarili o maging mabuting tao sa pamamagitan ng sariling pagsisikap, nagiging magnanakaw siya ng mahalaga, nabubong Dugo ni Jesucristo. Hindi maaaring iwasan ng tao si Jesucristo, ang Manlilikha, at Tagapagbigay Buhay at umasang makasumpong ng Kaligtasan. Ang dios ng sanlibutang ito, si Lucifer, ay hindi pinagmumulan ng buhay, sapagkat siya ay nilalang lamang. Subalit siya ay higit na mandaraya, at sa gayon, inaalipin niya ang mga tao sa pamamagitan ng kasinungalingan na pangakong buhay na marangya, masagana at tanyag sa mundong ito. Nadaya ang tao sa paniniwala sa kasinungalingan ng Ahas. Ang buhay sa mundong ito ay pansamantala, Subalit ang Muling Pagkabuhay na Buhay ni Jesucristo ay Walang Hanggan. Kung gayon, ang buhay na pakikipagrelasyon ng tao sa Dios ang mahalaga, hindi ang pakikipag ugnayan sa sanlibutang ito at sa mga bagay na narito.

Ang pag aaral ng Tabernakulo ni Moises ay nagpapahayag na ang mga piraso ng kasangkapang doon ay nakalatag sa anyong Krus.

Aayos ng mga Kasangkapan sa Tabernakulo



Ang mga ginagampanang ministeryo ng bawat piraso ng kasangkapan ng mga Saserdote sa Lumang Tipan ay larawan ng mga karanasang dapat pagdaanan ng isang mananampalataya habang nagpapasimulang niyang palaguin at linangin ang bagong Binhi ng Buhay sa kanyang puso na ibinigay ni Hesus dahil sa paniniwala ng mananampalataya at pagpapahayag ng Kapangyarihan nang nabubong dugo ni Hesus. Ang mga Bagong karanasan at bagong Liwanag mula sa Salita ng Dios ay magpapalago sa Espiritual na Pangangatawan ng mananampalataya, na magsisimula sa kanyang paglalakbay hanggang sa Kasakdalan ng Buhay na Walang Hanggan!


Napakasimple, ibinigay ni Juan Bautista ang pormula para sa paglago ng Espiritual na Pangangatawan. Sinabi niya *ako ay kinakailangang bumaba*

(tinutukoy ni Juan ang kanyang masamang kalooban) upang *ang Dios ay dumakila*, (Kanyang malinis na Kalooban at matuwid na pag uugali) sa puso ni Juan. Bawat bagong karanasan na mayroon ang mananampalataya kay Cristo ay nagpapaliit ng kanyang lumang puso habang nagpapalaki naman ng kanyang Bagong Puso.

Bagama't nagsimula ang Dios sa pinakamataas at pinaka Banal na Dako sa Tabernakulo nang utusan Niya si Moises na maglagay ng mga kasangkapan dito, ang karanasan ng tao ay dapat magsimula sa pinaka mababang lugar o sa paanan ng Krus. Bumaba ang Dios sa tao upang ang tao ay makasama Niyang tumaas.

May pitong kasangkapan ang Tabernakulo. Subalit nakaranas ng walong karanasan ang mga Saserdote sa kanilang ministeryo sapagkat ang dalawang karanasan ay naganap sa Damang gawa sa Tanso, ang unang kasangkapan sa pintuan ng looban. Ang walong mga karanasan na matatagpuan sa Tabernakulo sa Lumang Tipan ay tumutukoy sa walong espirtual ng paglago na makikita sa PANGINOONG Jesucristo. Pinuno ni Jesus ng Katotohanan ang Lumang Tipang Tabernakulo nang ang Salita ay dumating at nabalutan ng Laman. Sa pamamagitan ng ministeryo ng Kanyang Kamatayan, pagkalibing, at Muling Pagkabuhay, nagkaloob si Hesus ng sangkap para sa Espiritual na Pangangatawan ng tao upang matupad niya ang Pangunahing Plano para sa paglago hanggang sa kasakdalan. Ang Pag aalay ni Hesus ay nagbigay ng katubusan para sa lahat ng taong naligaw at para sa espiritual na paglago. Gumawa si Hesus ng buong kasunduan para sa tao upang siya ay maligtas at lumago hanggang sa kasakdalan ng gulang ng Pangangatawan ni Jesucristo sa loob ng kanyang puso. Ang Huwarang Tabernakulo ay ang tipo; si Jesucristo ang katuparan. Ang pagtanggap o pagpapatupad ng mananampalataya sa mga Sangkap na ito na ibinigay sa pamamagitan ng Pag aalay ni Hesus ay makakapagpanumbalik sa tao sa pakikisama at pakikipagsundo sa Dios.


Kapag ipinapahayag ng Dios ang Batas ng Katotohanan sa Kanyang Salita, inuulit Niya iyon ng maraming beses; kung gayon, ang Gabay ng Dios sa Pagsasakatuparan ay matibay na natatayo. Isa sa dakilang Prinsipyo ng Dios sa Kanyang pagkilos ay ang unti unti, nagpapatuloy na paglago hanggang sa kasakdalan, sa natural at gayon din sa espiritual. Lahat sa palibot natin sa kalikasan ay maliwanag na halimbawa ng paglago. Subalit, ang halimbawa ng espiritual na paglago ay matatagpuan lamang sa Salita ng Dios, pareho sa Luma at Bagong Tipan.



Una, anino at tipo sa Lumang Tipan, ipinapahayag ng Tabernakulo ang mga hakbang patungo sa espiritual na kasakdalan ng gulang. Pangalawa, sa Lumang Tipang Katuparan, sinundan ni Hesus ang mga hakbang na ito hanggang Siya ay lumalakad sa Pagibig at Pagsunod sa Kalooban ng Kaniyang Ama, na siyang nagbigay ng Espiritual na Sangkap upang ang mga mananampalataya ay makalakad sa gayon ding daan. Pangatlo, ang Pagkahandog ni Hesus at Pagsunod ay nagpasakatuparan para matamo ng mga mananampalataya ang lubos, sakdal na paglago sa Espiritual na Pangangatawan habang sumusunod siya sa Pangulong Plano ng Dios sa kanyang buhay.

Sa paglalarawan (1) ang tipo (Ministeryo ng mga Saserdote sa Lumang Tipang Tabernakulo); (2) ang katuparan (Paglakad ni Hesus sa Kanyang Buhay sa Lupa); at (3) pinapaliwanag kung paanong ang Espiritual na Sangkap na ibinigay ng Pag aalay ni Hesus ay naging espiritual na karanasan na dapat maangkin ng mga mananampalataya sa kanyang paglago na siyang nagbibigay ng larawan at gabay kung paano maitayo ang sakdal na Espiritual na Pangangatawan sa Pangunahing Plano ng Dios. Ang paglago sa kasakdalan ay nagdadala ng mas mabigat na gantimpala na matatamo kaysa sa mga mananampalataya na nanatili sa pagiging espiritual na sanggol.

Paglago sa Dambarang Tanso



Ang tipo: Ministryo ng Saserdote sa Dambarang Tanso

Ang unang dalawang karanasan sa Pangunahing Plano ng Dios sa paglago sa Kanya ay ang karanasan ng Dugo at Apoy sa Dambarang Tanso. Kapag inihahanda ng Saserdote ang alay sa Dambarang Tanso, nabubuhos ang dugo para sa kasalanan ng mga tao. Pagkatapos, ang banal na Apoy ay nahuhulog doon sa katanggap tanggap na hain, matapos na ito ay ihandog ni Aaron.

At itinaas ni **Aaron** ang kanyang mga kamay sa dakong bayan at binasbasan niya; at **bumaba siya na mula sa paghahandog ng handog ng handog dahil sa kasalanan, at ng handog na susunugin, at ng mga handog tungkol sa kapayapaan**. At pumasok si Moises at Aaron sa tabernakulo ng kapisanan, at sila'y lumabas, at binasbasan ang bayan: at lumitaw ang kaluwalhatian ng Panginoon sa buong bayan. **At may lumabas na apoy sa harap ng Panginoon, at sinunog sa ibabaw ng dambana ang handog na susunugin at taba:** at nang makita yaon ng buong bayan, ay nagsigawan at nagagpatirapa (Levitico 9:22-24).

Ang Apoy sa Dambarang Tanso ay napasabuong Tabernakulo upang magbigay ng Mabangong Samyo at Liwanag sa bawat lugar na miniministryuhan ng mga Saserdote. Ang di kilalang apoy ay tinatawag na “ibang apoy” at hindi katanggap tanggap sa Dios.

At si **Nadab at si Abiu**, na mga anak ni Aaron, ay kumuha ang bawat isa sa kanila ng kanya kanyang suuban, at sinidlan nila ng apoy, at

pinatungan ng kamangyan, at sila'y naghandog sa harap ng Panginoon ng **ibang apoy** na hindi iniutos niya sa kanila. **At sa harap ng Panginoon ay may lumabas na apoy, at sinupok sila; at namatay sila sa harap ng Panginoon** (Levitico 10:1,2).

Ang Katuparan: Inilaang Dugo sa Krus ng Kalbaryo at ang Banal na Espiritung Mangaaliw

Ang pag-aalay ni Hesus ay nagdulot ng Dugo at Apoy sa mga mananampalataya. Habang Siya ay nakabitin sa Krus ng Kalbaryo, ang Kanyang nabubong dugo ay naging Kabayaran para sa kasalanan ng lahat ng mga tao. At, matapos na makumpleto na ang pag aalay ni Hesus, sinugo ng Dios ang Banal na Espiritu at Apoy mula sa Langit upang gumabay o magliwanag sa Daan patungo sa Katotohanan kung saan dapat lumakad ang mga tinubos. Si Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay o Liwanag, ay nangunguna sa lahat ng mga sumusunod sa Kanya sa buong Katotohanan.

Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kanyang sarili na walang dungis sa Dios, ay **maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Dios na Buhay?** (Hebreo 9:14).

Datapwa't **pagparito ng Mangaaliw**, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa *makatuwid baga'y ang Espiritu ng Katotohanan*, na nagbubuhay sa Ama, ay **siyang magpapatotoo sa akin:** (Juan 15:26).

Gayun ma'y **kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan:** sapagkat hindi siya magsasalita ng mula sa kanyang sarili; kundi ang anomang bagay na kanyang marinig, ang mga ito ang kanyang sasalitain: at kanyang ipapahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. (Juan 16:13).

Karanasan ng Mananampalataya: Pag gamit ng Inilaan ni Hesus na Dugo at Apoy

Kinakailangang gamitin ng mananampalataya ang Dugo at Apoy na ibinigay ni Hesus upang mailatag ang tamang pundasyon para sa Espiritual na Gusali. Matapos mailatag ng tama ng tao ang kaloob na Dugo at Apoy, na pinakapundasyong karanasan, magpapasimula na siyang makalakad sa ibinigay na Plano ng Dios na paglago hanggang sa espiritual na pag gulang. Tinatanggap ng mananampalataya ang Handog na Alay ni Hesus para sa kasalanan na makapagtatanggal ng hatol na Impiyerno at Kamatayan. At, malaya na niyang tatanggapin ang Kaloob ng Dios na Bautismo ng Banal na Espiritu at Apoy na

magbibigay kaliwanagan sa kanyang espiritual na pang unawa sa Salita ng Dios at mag aakay sa kanya sa mas mataas na kalagayan sa Espiritual na Pangangatawan ni Hesus.

Datapwa't **ang Mangaaliw**, *samakatuwid* bagay ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang **magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.** (John 14:26).

Na sa kanya'y mayroon tayo n gating katubusan **sa pamamagitan ng kanyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan**, ayon sa mga kayamanan ng kanyang biyaya, (Efeso 1:7).

AT ayon sa kautusan, ay halos masasabi kong lahay ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at **maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran.** (Hebreo 9:22).

Gayun ma'y **kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan:** sapagkat hindi siya magsasalita ng mula sa kanyang sarili; kundi ang anomang bagay na kanyang marinig, ang mga ito ang kanyang sasalitin: at kanyang ipapahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. (Juan 16:13).



Ang Tipo: Ang Ministeryo ng mga Saserdote sa Hugasang Tanso

Ang hugasang Tanso ay naglalaman ng Tubig na sadyang kaiba sa karaniwan mula sa *Bato*. Ang *Bato* na sumusunod sa buong paglalakbay ng sa Israel sa ilang ay si Cristo.

Sa Hugasang Tanso, ang mga Saserdote ay naghuhugas ng kanilang buong katawan bago nila isuot ang kanilang kasuotan lino. Ito ang kanilang orihinal na paglilinis. Matapos ang kabuoang paglilinis, araw araw silang bumabalik doon upang maghugas ng kanilang mga kamay at paa sa hugasang tanso, na naghahanda sa kanilang ministeryo sa Banal na Dako.

Ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises na sinasabi, **Gagawa ka rin ng isang hugasang tanso, at tungtungan ng tanso, upang paghugasan: at iyong ilalagay sa gitna ng tabernakulo ng kapisanan at ng dambana at iyong sisidlan ng tubig.**(Exodo 30:17, 18)

Ang Katuparan: Bautismo ni Hesus sa Tubig ng Jordan at mga Tubig ng Kaniyang Kamatayan

Tinupad ni Hesus ang ministeryo ng mga Saserdote sa Lumang Tipan nang Binautismuhan Siya ni Juan sa Ilog ng Jordan. Sunod, si Hesus ay bumaba sa mga Tubig ng Kamatayan upang bilhin ang tagumpay laban sa Kamatayan, Impyerno, ang ng libingan nang minsan na lamang, at upang bilhin ang paglilinis para sa kasalanang natatago ng tao na dapat ayusin

araw araw.


Ang Karanasan ng Mananampalataya: Pag gamit ng Inilaan ni Hesus na Bautismo sa Tubig

Ang mananampalatayang banal ay nailibing na minsan sa Tubig ng Bautismo, nagpapakita ng pananampalataya sa Pangalan ng PANGINOONG Jesucristo, Kanyang Kamatayan, sa Kanyang Muling Pagkabuhay, at ang kanilang magkatuwang na Kapangyarihan upang papanumbalikin ang tao sa orihinal nitong kalagayan. Pagkatapos nito, ang mananampalataya ay nararapat na bumalik araw araw sa Salita para sa sariwang paglilinis ng kanyang mga kamay (instrumento ng kanyang pag gawa) at kanyang paa (instrumento ng kanilang lakad), upang ang kanilang gawa at lakad ay maging kalugod lugod kay Hesus araw araw.

At sinabi sa kanila ni Pedro, **Mangagsisi kayo, at mangagpabautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan**, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo (Gawa 2:38).

Upang kaniyang pakabanalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita...(Efeso 5:26).

Paglago sa Dambarang Ginto



Ang Tipo: Ang Ministeryo ng mga Saserdote sa Dambarang Ginto

Sa umaga at gabi, ang Saserdote ay nagsusunog ng Kamangyan na sinisindihan ng Saserdote sa pamamagitan ng uling na Apoy mula sa Dambarang Tanso upang ang kanyang pananalangin, kasama ng Kamangyan sa Dambarang Ginto, ay tumaas na maging mabangong ulap sa PANGINOONG Dios. Nagmiministeryo ang Saserdote sa Dakong Banal sa pamamagitan ng panalangin na gaya ng isang nagtataas sa Pangalan ng PANGINOON sa pagpupuri at pasasalamat at bilang tagapamagitan sa tao at sa Dios.

At gagawa ka ng isang dambana na mapagsusunugan ng kamangyan: na kahoy na akasia iyong gagawin. Isang siko magkakaroon ang haba niyaon; parisukat nga: at dalawang siko magkakaroon ang taas niyaon: ang mga sungay niyaon ay kaputol din. **At iyong babalutin ng taganas na ginto ang ibabaw niyaon, at ang mga tagiliran niyaon sa palibot, at ang mga sungay niyaon; at igagawa mo ng isang kornisang ginto sa palibot. At igagawa mo yaon ng dalawang argolyang ginto sa ilalim ng kornisa,** sa dakong itaas ng dalawang tagiliran iyong gagawin; at magiging suutan ng mga pingga upang mabuhat. **At ang iyong gagawing mga pingga ay kahoy na akasia, at iyong babalutin ng ginto.** At iyong ilalagay sa harap ng tabing na nasa siping ng kaban ng patotoo, sa harap ng luklukan ng awa na nasa ibabaw ng kaban ng patotoo. **At magsusunog si Aaron sa ibabaw niyaon ng kamangyan na mababangong espisia: tuwing**

umaga pagka kanyang inaayos ang mga ilawan, ay sususunugin niya. At pagka sisindiha ni Aaron ang mga ilawan sa hapon, ay kanyang susunugin, na isang kamangyan palagi sa harap ng Panginoon, sa buong panahon ng inyong mga lahi. Huwag kayong maghahandong ng ibang kamangyan sa ibabaw niyaon, o ng handog na susunugin, o ng handog na harina man: at huwag kayong magbubuhos ng inuming handog sa ibabaw niyaon. (Exodo 30:1-9).

Ang Katuparan: Ministeryo ni Hesus ng Pananalangin sa Damnanang Ginto

Si Hesus ay naging pinaka-Mataas na Tagapamagitan sa pagitan ng Dios at ng tao sa pamamagitan ng Kanyang Kamatayan sa Krus. Siya ang Tagapamagitan na Siyang nasa Kanan ng Ama, patuloy na namamagitan para sa lahat ng tao.

Sino ang hahatol? **Si Cristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na siyang nasa kanan ng Dios, na siya namang namamagitan sa atin.** (Roma 8:34).

Dahil dito naman siya'y nakapagliligtas ng lubos sa mga nagsisilapit sa Dios sa pamamagitan niya, palibhasa'y laging nabubuhay siya upang mamagitan sa kanila. (Hebreo 7:25).

Si Jesucristo ay nag-alay ng pananalangin, sa panmamagitan ng Kamangyan ng Kanyang Pangalan, sa pagpupuri at pasasalamat sa Kanyang Ama sa Langit na Siyang dumidinig at tumutugon sa namamagitanang panalangin ni Jesus.

Ang Karanasan ng Mananampalataya: Paggamit ng Lahat ng Inilaang Panalangin ni Jesus

Layon ng Dios sa mga mananampalatayang nabautismuhan sa Espiritu na lumapit sa Kanya araw-araw at hayaang ang Espiritu Santo na nasa kanya na pakawalan ang Kapangyarihan at Mabangong Samyo ng Pangalan sa pananalangin ni Jesus. Habang ang mananampalatayang nabautismuhan sa Espiritu ay nananalangin sa Espiritu, ang pamamagitan at pagpapakahirap (malalim na pananalangin higit kaysa *kahilingang* panalangin) ay lalabas sa loob niya upang magministeryo ang kanyang pananalangin at pasasalamat sa PANGINOONG Jesucristo at sa Ama, upang magministeryo sa pangangailangan ng kanyang lumang puso at Kanyang Bagong Puso, at upang magministeryo sa pangangailangan ng iba sa harap ng Trono ng Dios.

Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at

daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal (Efeso 6:18).

Paglago sa Gintong Kandelero



Ang Tipo: Ang Ministeryo ng Mga Saserdote sa Gintong Kandelero

Ang mga Saserdote ay naghahanda ng Ilaw sa Kandeleryo dalawang beses araw araw, nilalagyan nila ang mga ito ng sariwang langis at pinapantay ang mga mitsa. Isang beses sa umaga at isang beses sa gabi, ang serbisyong ito ginagawa upang magkaroon ng Liwanag nang sa gayon makapagministeryo ang mga Saserdote sa Dakong Banal. Muli, ang Apoy sa Dambanang Tanso ang ginagamit upang apuyan ang mga mitsa at magpatuloy ang sindi ng mga Ilaw sa Kandeleryo.

At gagawa ka ng isang kandelering taganas na ginto: yari sa pamukpok gagawin mo ang kandelero, ang **tungtungan niyaon at ang haligi niyaon; ang mga kopa niyaon, ang mga globito niyaon at ang mga bulaklak niyaon ay mga kaputol: At magkakaroon ng anim na sangang lumalabas sa mga tagiliran niyaon; tatlong sanga ng kandelero'y sa isang tagiliran niyaon; at ang tatlong sanga ng kandelero ay sa kabilang tagiliran niyaon: At magkakaroon ng tatlong kopang anyong bulaklak ng almendro sa isang sanga, isang globito at isang bulaklak; at tatlong kopang anyong bulaklak sa kabilang sanga, isang globito at isang bulaklak; at gayon sa anim na sangang lumalabas sa kandelero. At sa haligi ng kandelero'y magkakaroon ng **apat na kopang** anyong bulaklak ng almendro, sangpu ng mga globito niyaon, at ng mga bulaklak niyaon: **At magkakaroon ng isang globito sa ilalim ng dalawa sa mga sanga, at isang globito sa ilalim ng kabilang****

dalawa sa mga sanga na kaputol niyaon, at isang globito sa ilalim ng dalawang sangang nalalabi ayon sa anim na sanga na lumalabas sa kandelerero. At magiging mga globito at mga sanga niyaon ay kaputol: kabuoan niyaon ay isa lamang putol na yari sa pamukpok, na taganas na ginto. At igagawa mo ng kanyang mga ilawan, na pito: at kanilang sisindihan ang mga ilawan niyaon, upang lumiwanag sa dakong tapat ng kandelerero. At ang magiging mga gunting at mga pinggan niyaon ay taganas naginto. Isang talentong taganas na ginto gagawin, sangpu ng lahat ng kasangkapang ito.(Exodo 25:31-39)

Mayroong anim napu't anim na globito, kopa, at mga bulaklak sa Gintong Kandelerero na sinusuportahan ang pitong ilawan na siyang Nagpapaliwanag sa kabuuan ng Banal na Dako. Mayroon ding anim napu't anim na aklat ang Biblia na nagbibigay ng kabuoang espirtual na Liwanag sa tao na nag aakay sa mananampalatayang naghahanap ng lahat ng Katotohanan. Ang Langis sa mga Ilawan ay patuloy ang sindi, nagliliwanag sa Dakong Banal o sa lihim, natatagong lugar ng ministeryo sa harap ng PANGINOON.

Ang Katuparan: Ang Ministeryo ni Jesus na Liwanag sa Sanlibutan

Ang Banal na Espiritu ng Dios o Umaapoy na Kalapati ay lumapag kay Jesucristo nang binautismuhan siya ni Juan sa tubig; at mula noon, si Jesus ay humayo sa sanlibutan na nagliliwanag, kumikinang na Kandelerero. Sinabi ni Jesus na Siya ang Ilaw ng sanlibutan. “Muli ngang nagsalita si Jesus, na sinasabi, **Ako ang Ilaw ng sanlibutan:** ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan. (Juan 8:12). Kahit saan Siya pumunta, ang Kanyang alab, liwanag ng Buhay ay lumiliwanag sa nadidilimang puso ng mga tao sa pamamagitan ng Kaalaman , Pang unawa, at Karunungan na lumilikha ng Banal na Dako sa kanilang mga puso at pinupuno ito ng Liwanag ng Katotohanan. Ang liwanag ng Katotohanan ay nagpapahayag kung paano mapaluluguran ng tao ang Dios sa lahat ng panahon ng kanyang pag iisip, pakiramdam at kilos.


Ang Karanasan ng mga Mananampalataya: Pag gamit ng Inilaang Ilaw ni Hesus

Ang Mang aawit na si David ay nagsabi: “**Ang salita mo’y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas**” (Awit 119:105). Kapag ang mananampalataya ay gumugol ng panahon sa Ilaw o Langis ng Karunungan ng Salita ng Dios, ang Apoy ng Espiritu ng Dios ay pag aalabin ang kanyang puso ng mga bagong Kaunawaan at mag aapoy ng bagong Liwanag ng Kaalaman upang Makita niya kung paano lumakad na palapit kay Jesucristo. Ang Espiritu ng Dios ay nagdudulot ng Liwanag ng Kaalaman sa Salita ng Dios upang sumilang

sa mga tao sa pamamagitan ni Jesucristo, ang Buhay na Kandelerong. Ang pagkilala sa Liwanag ng Salita ng Dios ay pagkilala sa PANGINOONG Jesucristo. Ang Biblia ay Nasusulat na Kandelerong ng Liwanag na nagpapahayag ng Buhay na Kandelerong ng Katotohanan, si Jesucristo. Ang Liwanag ng Buhay na Kandelerong, si Jesucristo, ay nagsasaway, nagsasansala, at nagtuturo sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Salita ng Katotohanan upang makapagtayo siya ng Espiritual na Gusali sa Larawan ni Cristo.

Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. (II Timoteo 3:16, 17).

Paglago sa Hapag ng Tinapay




Ang Tipo: Ang Ministeryo ng mga Saserdote sa Hapag ng Tinapay

Ang mga Saserdote ay kumain ng tinapay o handog na pagkain, na kilala bilang Tinapay, matapos na manatili ito sa Hapag sa loob ng pitong araw. Nag-alay din ang mga Saserdote ng inuming handog sa Hapag ng Tinapay. Ang mga Saserdote ay tumanggap ng Liwanag mula sa Kandelero upang makalakad sa Dakong Banal at paglingkuran ang Dios. Dahil sa Liwanag ng Kandelero, ang mga Saserdote ay nakakakita ng malinaw upang makalakad sa Dakong Banal, ayon sa Kalooban ng Dios. Nakakatanggap ng Kalakasan ang mga Saserdote mula sa Tinapay sa Hapag upang magkaroon sila ng lakas at kapangyarihan na makalakad sa Liwanag ng Kaalaman mula sa Kandelero. Nagbibigay ng Liwanag ng Katotohanan ang Kandelero; nagbibigay naman na Kalakasan ang Tinapay upang ang mga Saserdote ay makalakad sa Liwanag na yaon.

At kukuha ka ng **mainam na harian, at magluluto ka niyan ng labing dalawang munting tinapay**: tigdadalawang ikasampung bahagi ng epa ang bawa't munting tinapay. **At ilalagay mong dalawang hanay, anim sa bawat hanay, sa ibabaw ng dulang na dalisay sa harap ng PANGINOON. At maglalagay ka sa bawa't hanay ng dalisay na kamangyan**, upang ito'y maging paalala na tinapay, na **handog nga sa Panginoon na pinaraan sa apoy**. Sa bawat Sabbath ay aayusing palagi ang tinapay sa harap ng PANGINOON; sa ganang mga anak ni Israel, na pinakatipang walang hanggan. At magiging kay Aaron at sa kanyang mga anak; at kanilang kakanin sa dakong banal: sapagkat

kabanalbanalang bagay sa kanya sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy sa pamamagitan ng palatuntungang walang hanggan. (Levitico 24:5-9).



Ang Katuparan: Ministeryo ni Jesus bilang Tinapay ng Buhay

Sinabi ni Jesus na Siya ang Tinapay ng Buhay.

Sa kanila’y **sinabi ni Jesus, Ako ang tinapay ng kabuhayan**: ang lumapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumampalataya sa akin kalian ma’y hindi mauuhaw...Katotohanan, katotohanan sinasabi ko sa inyo, **Ang sumampalataya ay may buhay na walang hanggan. Ako ang tinapay ng kabuhayan**. Nagsikain ang inyong mga magulang ng mana sa ilang, at sila’y nangamatay. Ito ang tinapay na bumababang galling sa langit, upang ang taong makakain, ay huwag mamatay. **Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya’y mabubuhay magpakailan man**: oo at ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanlibutan. (Juan 6:35, 47-51).

Sinabi ng Mangaawit, “Ang PANGINOON ay aking liwanag, at aking kaligtasan: kanino ako matatakot? **Ang PANGINOON, ay katibayan ng aking buhay**; kanino ako masisindak? (Awit 27:1). Ang Tinapay ng Buhay ng PANGINOON ay siyang pinagkukunan ng lakas ng buhay ng tao. Ang Tinapay ng Buhay ng PANGINOON ay nagbubuklod sa katawan at kaluluwa, na nagpapabaha ng

kalakasan upang masunod ang *Torah*. Kapag DIOS ang pinagmulan ng kalakasan ng tao, walang makakakanti sa kanya. Tinawag ni Jeremiah ang PANGINOON na kanyang Kalakasan at Katibayan.

Oh PANGINOON, aking kalakasan, at aking katibayan, at aking kanlungan sa kaarawan ng pagkadalambahati, sa iyo paroroon ang mga bansa mula sa mga hangganan ng lupa, at mangagsasabi, “Ang aming mga magulang ay walang minana kundi mga kabulaanan walang kabuluhan at mga *bagay* na *hindi* mapapakinabangan”. (Jeremias 16:19).

Ang kaibahan ng Kalakasan ng PANGINOON ay kalakasan at katibayan sa mga araw ng kadalambahatian. Sinabi ng PANGINOON kay Pablo na ang Kanyang Kalakasan ay sapat para sa kanya sa panahon ng kahinaan.


At siya’y nagsabi sa akin, “ Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagkat ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan”. Kaya’t bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Cristo. (II Corinto 12:9).

Ang Kalakasan ng Tinapay ng Katotohanan ng PANGINOON ay naghahayag ng higit na kaluwalhatian sa gitna ng kahinaan at kawalang pag asa ng mga tao. Siya ang pinagmumulan ng Walang Hanggang Kalakasan para sa mga kahinaan ng tao.

Karanasan ng mga Mananampalataya: Pag gamit sa Inilaang Kalakasan ni Jesus

May mga mahahalagang sangkap ang tinapay na nagpapalusog at nagpapalakas sa tao *kung* kakain siya nito. Si Jesucristo, ang Salita ng Dios sa kalagayang Laman, ay magpapalakas at mag iiwas sa mga mananampalataya sa Kamatayan *kung* makakakain lamang ang mananampalataya ng Salita ng Dios. Kung gusto ng mananampalataya na higit pang lumakas, kailangan niyang gumugol ng oras upang pakainin ang kanyang mananampalataya ng Tinapay ng Buhay na Nagbibigay ng Kalakasan, si Jesucristo, sa pamamagitan ng pag aaral at paniniwala sa Nakasulat na Salita ng Dios. Sinabi ni Apostol Pablo, “Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [magkaroon ng lakas para magawa ang anumang bagay] doon sa nagpapalakas sa akin” (Filipos 4:13).

Paglago sa Kaban ng Tipan



Ang Tipo: Ang Ministeryo ng Mataas na Saserdote sa Kaban ng Tipan

Ang Kaban ng Tipan at Luklukan ng Awa ay ang Tahanan ng PANGINOON sa Huwarang Tabernakulo. Mula sa lugar na ito, ang DIOS ay naghahari, humahatol, gumagabay, at nangunguna sa Kanyang mga tao sa Awa at Pag-ibig. Ang mga utos na binibigay ng Dios sa mga Saserdote ay nagmumula sa lugar ng Kaban ng Tipan at Luklukan ng Awa.

At sila'y gagawa ng isang kaban na kahoy na akasia: na may dalawang siko't kalahati ang haba niyaon, at may isang siko't kalahati ang luwang niyaon, at may isang siko't kalahati ang taas niyaon. **At iyong babalutin ng taganas na ginto; sa loob at sa labas ay iyong babalutin, at igagawa mo sa ibabaw ng isang kornisa sa palibot.** At ipagbububo mo ng apat na argolyang ginto, at ipaglilagay mo sa apat na paa niyaon, at dalawang argolya ang mapapasa isang tagiliran niyaon, at dalawang argolya sa kabilang tagiliran niyaon. At gagawa ka ng mga pingga na kahoy na akasia at iyong babalutin ng ginto. At iyong isusuot ang mga pingga sa loob ng mga argolya, sa mga tagiliran ng kaban, upang mabuhat ang kaban. Ang mga pingga ay masusuot sa loob ng mga argolya ng kaban: hindi aalisin doon. At iyong isisilid sa kaban ang mga kinalalagdaan ng patotoo na aking ibibigay sa iyo. (Exodo 25:10-16).

Kapag ang Saserdote ay magmiministeryo sa Kaban ng Dios, tatayo siya sa likod ng tabing sa Dakong Banal upang hanapin ang Isip o Kalooban ng Dios para sa mga tao. Ang Kaban ay naglalaman ng mga Tipak ng Bato kung saan nakasulat ang Batas ng Dios na ibinigay sa layuning pamamahala sa mabubuting gawa ng tao. Ibinigay ng Dios ang Kanyang Kaisipan at Kalooban sa Saserdote base sa Kanyang Mabubuting Prinsipyo sa *Torah* na nasa loob ng Kaban.

Ang Batas o *Torah* ay isang rebelasyon sa tao ng Banal na Pag-iisip ng Dios. Ang Batas ay naglalaman ng negatibo at positibong bilin na nagpapahayag ng Kabanalan at Kalinisan ng Kaisipan ng Dios. Ang Sampung Utos na nasa Kaban ay nagpapahayag ng Moral na Alituntunin ng Dios para sa Israel.

Ang Katuparan: Ministeryo ni Jesus sa Moral na Batas ng Dios

Si Jesus ang Kaban ng Dios na kung saan nilagay Niya ang Kanyang kamanghamanghang mga Salita ng Buhay.

Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios...At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan. (Juan 1:1, 14).

Si Jesus ay ang kapahayagan ng Banal na Kaisipan ng Dios sa Buhay na Tabernakulong Laman. Sa pamamagitan ng mga Katuruan ni Jesus, nakikita ng tao ang negatibo at positibong katuruan ng Batas. Halimbawa, sinabi ni Jesus sa babaeng nahuli sa pangangalunya na **“humayo at huwag nang magkasalang muli,”** matapos Niyang patawarin ito. Sinabi ni Jesus sa mga escriba at mga pariseo na **“ibigin ang Panginoon nilang Dios ng buong puso, buong kaluluwa, buong isip at buong lakas.”** Patuloy na tinatatayo ni Jesus ang Moral na Alituntunin ng Batas ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang Ministeryo.

Ang Karanasan ng mga Mananampalataya: Pag gamit sa Inilaan ni Jesus na Mababang Pag-iisip ni Cristo


Nais ng Dios na ang mananampalataya ay magpatuloy sa paglago hanggang sa kasakdalan ng lubos na pag gulang sa espirtual kay Jesus, ang Anak ng Dios, hanggang mabuo ang Kaban, gaya noon, sa kanyang puso. Kung gayon, mailalagay ng Dios ang Mababang Pag-iisip ni Jesucristo doon.

Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman: Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao: At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus. (Philippians 2:5-8).

Sa pagtataglay ng Mababang Pag-iisip at Kalooban ni Jesus ay nagpapaging masunurin sa isang mananampalataya at lubusang pagtupad ng negatibo at positibo aral sa Moral na Alituntunin ng Batas ng Dios. Habang pinag aaralan ng

mananampalataya ang Nakasulat na Salita ng Dios, ang kanyang puso ay nagiging sisidlan para sa Nasusulat na Salita ng Dios, at ang kanyang buong pagkatao ay makakayanan ang lubos na kasiyahan at kagalakan sa Katotohanan. Ang mga kasinungalingan at daya ng nahulog na si Lucifer ay nagiging kamuhian sa tao na ang puso ay puno ng Katotohanan ng Salita ng Dios.

Paglago sa Luklukan ng Awa



Ang Tipo: Ministeryo ng Mataas na Saserdote sa Luklukan ng Awa

Ang Kaban ay hindi lamang nag iisang kasangkapan, sapagkat ito ay natatakpan ng Luklukan ng Awa na yari sa taganas na ginto.

At gagawa ka ng isang luklukan ng awa, na taganas na ginto: na may dalawang siko't kalahati ang haba niyaon, at may isang siko't kalahati ang luwang niyaon. **At gagawa ka ng dalawang querubing ginto; na yari sa pamukpok iyong gagawin, sa dalawang dulo ng luklukan ng awa.** At gawin mo ang isang querubin sa isang dulo, at ang isang querubin sa kabilang dulo: kaputol ng luklukan ng awa, gagawin mo ang mga querubin sa dalawang dulo niyaon. At ibubuka ng mga querubin ang kanilang pakpak na paitaas, na nilililiman ang luklukan ng awa, ng kanilang mga pakpak, na ang kanilang mukha ay nagkakaharap, sa dakong luklukan ng awa ihaharap ang mga mukha ng mga querubin. **At iyong ilalagay ang luklukan ng awa sa ibabaw ng kaban; at sa loob ng kaban, ay iyong ilalagay ang mga kinalalagdaan ng patotoo, na aking ibibigay sa iyo. At diya'y makikipagkita ako sa iyo, at makikipanayam sa iyo mula sa ibabaw ng luklukan ng awa, sa gitna ng dalawang querubin na nangasa ibabaw ng kaban ng patotoo, tungkol sa lahat ng mga bagay na ibibigay ko sa iyong utos sa mga anak ni Israel.** (Exodo 25:17-22).

Isang beses sa isang taon, Papasok ang Mataas na Saserdote sa Kabanalbanalang Dako upang ilagay ang Dugo ng Pantubos sa Luklukan ng Awa. Sa ibang pagkakataon naman, kapag ang Mataas na Saserdote ay nagministeryo sa Kaban upang hanapin ang Kaisipan at Kalooban ng Dios, siya ay tumatayo sa

likod ng tabing sa Dakong Banal. Kapag nangusap na ang Tinig ng Dios mula sa Luklukan ng Awa na nakatakip sa Kaban, dalawang misteryosong bato sa loob ng pektoral (baluti) ng Mataas na Saserdote ay tutugon sa Tinig ng Dios at magpapa liwanag sa labing dalawang bato sa labas ng pektoral (baluti). Ang tugon na ito ng mga bato sa pektoral (baluti) ng Mataas na Saserdote ay nagpapatunay na ang sa Dios nga nagbubuhay ang Tinig, at ang Katotohanan ay natatag patungkol sa mga bagay na sinalita ng Dios sa Mataas na Saserdote. Ito'y nagbibigay ng kasiguraduhan sa Mataas na Saserdote na tunay na ang Dios ang nagsalita at hindi iyon tinig ni Satanas na gumagaya lamang sa Tinig ng Dios.

Ang Maawaing Tinig ng Dios ang namumuno at gumagabay sa Israel sa pamamagitan ng Kanyang Pagiisip at Kalooban sa Israel sa loob ng isang taon. Pagkatapos, sa Araw ng Pagtubos, ang awa-dugo na hain ay magpapanibago sa Pakikipag-isang Relasyon ng Dios sa Bansa ng Israel gaya ng, kada taon ang Mataas na Saserdote ay pumapasok sa Kabanalbanalang Dako upang ilagay ang Dugong Pantubos sa Luklukan ng Awa.

Ang Katuparan: Ministeryo ni Jesus bilang Luklukan ng Awa ng Dios

Ang PANGINOONG Jesucristo ay ang Luklukan ng Awa na kung saan ipinahayag ng Dios ang Kanyang Makalangit na Kalooban at Maawaing Kaisipan, Pagibig, at Pagpapatawad sa Lahat ng tao. Habang Siya ay nasa Lupa, hindi sinalita ni Jesus ang Kanyang sariling pag iisip at mga nasa. Sinalita Niya ang Kaisipan ng Dios at Kalooban ng Awa at Kapatawaran.

Sapagka't ako'y hindi nagsasalita na mula sa aking sarili; kundi ang Ama na sa akin ay nagsugo, ay siyang nagbigay sa akin ng utos, kung ano ang dapat kong sabihin, at kung ano ang dapat kong salitain. At nalalaman ko na ang kaniyang utos ay buhay na walang hanggan; **ang mga bagay nga na sinasalita ko, ay ayon sa sinabi sa akin ng Ama, gayon ko sinasalita.** (Juan 12:49, 50).

Ang mga Salita ni Jesucristo ay may kasamang di pangkaraniwang mga himala. Nagpapatunay ito na sinasalita Niya ang mga Salita ng Ama. Halimbawa, nang ang babaeng taga Canaan ay lumapit kay Jesus, na Siyang Kapahayagan ng Luklukan ng Awa ng Dios, lumapit siyang humihingi ng Awa para sa kanyang anak na babae na pinahihirapan ng demonyo. Maawaing sinalita ni Jesus ang Salita ng Batas ng Awa at pinagaling ang kanyang anak na babae ng mga oras ding yaon. Muli, pinakita ni Jesus ang Kanyang Awa ng ang isang makasalanang babae ay lumapit, umiiyak at hinahagkan ang Kanyang mga Paa, at pinupunasan ng buhok ng kanyang ulo, na nagpapakita ng kanyang nasa na mapatawad; Maawaing pinatawad siya ni Jesus sa lahat ng kanyang mga kasalanan.

Si Pablo, na tumutukoy kay Jesucristo sa kanyang sulat kay Timoteo, ay sumulat ng ganito: “Na sa kaniyang kapanahunan ay ipahahayag siya, na mapalad at **tanging Makapangyarihan Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon;**” (I Timoteo 6:15).

Si Jesucristo ang Ulo ng Iglesia, tulad ng Dios, nagsasalita sa Luklukan ng Awa na natatakpan ng Kaban, ay ang Ulo ng buong Israel.

At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, **at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia,** (Efeso 1:22).

Tumayo si Jesus bilang Mataas na Saserdote upang Salitain ang Kaisipan ng Dios sa mga tao. Ang mensahe ni Jesus sa tao ay ang Pagibig at Awa ng Ama na nag nais na ipakipagkasundo ang makasalanang tao sa Kanyang Sarili.

Hindi lamang si Jesuscristo naging nakikitang kapahayagan ng Maawaing Pagiisip ng Dios, Siya ay Tagapagbigay ng Dugong Pakikipagkasundo. Tumayo si Jesus bilang Mataas na Saserdote nang, matapos ang Kanyang Kamatayan, pagkalibing, at muling Pagkabuhay, umakyat Siya sa Luklukan sa Kalangitan upang ilagay ang Dugong Pakikipagkasundo sa Luklukan ng Awa. Sinalita ni Apostol Pablo ang mga sumusunod na Katotohanan:

At hindi lamang gayon, **kundi tayo'y nangagalak naman sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo, na sa pamamagitan niya'y tinamo natin ngayon ang pagkakasundo** (Roma 5:11).

Sa ibang pananalita, ang Pakikipagkasundong Dugo ay inilagay sa Luklukan ng Awa sa Kalangitan upang sinomang tumanggap ng Dugo ng Kanyang Alay ay maaaring isang araw tumayo sa Kanyang Presensya, na malaya sa kasalanan at kamatayan.

Ang Karanasan ng Mananampalataya: Paggamit ng Inilaang Maawaing Pangungulo ni Jesus

Habang kumakain ang mananampalataya ng Katotohanan na si Cristo ang Ulo sa lahat ng mga bagay sa Iglesia, lumalago siya sa pananampalataya, pag ibig at katiyakan hanggang sa abutin niya ang lugar ng kapahingahan kay Cristo sapagkat tinatanggap niya na ang lahat ng mga bagay (lahat ng bagay na kasiyasiya at lahat ng masasakit na mga bagay) ay nagkakalakip lakip na gumagawa para sa kanyang ikabubuti. Mayroon kasiguraduhan ang mananampalataya na ang Dugong Pantubos ni Jesucristo ay nasa Langit na

gumagawa para sa kanya upang tubusin ang kanyang marumi, masamang kaisipan at kalooban sa Kabanalan ng Dios, Matuwid na Kaisipan at Kalooban upang muli niyang tamasahin ang Pakikipagisa at Kaisang Relasyon sa Dios.

Lahat ng mga karanasang ito ay napakita bilang tipo sa Huwarang Tabernakulo; at, natupad sila sa Buhay ni Jesucristo ng Siya ay nasa Lupa. Malinaw na ang mga ito ay Plano ng Dios para sa espirtual na paglago upang ang mga mananampalataya ay makasunod sa mga yaon hanggang sa kasakdalan ng gulang ng paglago sa Pangangatawang Espiritual.

Ang ilang mga talata sa Biblia ay nagpapatunay din ng Patern ng Pasulong na Paglago; ang Huwarang Tabernakulo ang pinaka-una at pinakakumpletong halimbawa. Ang Israel, bansang pinili kung saan ipinahayag ng Dios ang Kanyang Anak, ang tinutukoy sa iba't ibang kaparaanan habang siya ay umuusad sa kanyang paglalakbay sa Lupang Pangako.

Espiritual na Paglago ng Israel			
Ehipto	Ilang	Lupain ng Canaan	Sion at Jerusalem
Relasyong Anak (Exodo 4:22)	Relasyong Iglesya (Gawa 7:38)	Relasyong Asawa (Isaias 62:4)	Relasyong Ina (Isaias 66:8, 10, 11)

At iyong sasabihin kay Faraon, Ganito ang sabi ng Panginoon, **Ang Israel ay aking anak, aking panganay:** (Exodo 4:22).

Ito’y yaong naroon sa **iglesya sa ilang** na kasama ang anghel na nagsalita sa kanya sa bundok ng Sinai, at kasama ng ating mga magulang: na siyang nagsitanggap ng mga aral na buhay upang ibigay sa atin: (Gawa 7:38).

Hindi ka na tatawagin pang Pinabayaan; hindi na rin tatawagin pa ang iyong lupain na Giba: Kundi **ikaw ay tatawaging Hephzibah, at ang iyong lupain ay Beulah:** sapagkat ang Panginoon ay nalulugod sa iyo, **at ang inyong lupain ay tatangkilikin** (Isaias 62:4).

Sinong nakarinig ng ganyang bagay? Sinong nakakita ng ganyang mga bagay? Ipanganganak бага ang lupain sa isang araw? o Ilalabas bagang paminsan ang isang bansa? **Sapagkat pagdaramdam ng Sion, ay nanganak ng kanyang mga anak ...**Kayo’y mangagalak na kasama ng Jerusalem, at nangatuwa dahil sa kanya, kayong lahat na nagsisiibig sa kanya: Upang kayo’y **makasuso, at mabusog sa pamamagitan ng mga suso ng kanyang kaaliwan;** upang kayo makagatas, at malugod sa kasaganaan ng kanyang kaluwalhatian (Isaiah 66:8,10,11).

Sa Bagong Tipan, ang mga baitang ng unti-unting espiritual na paglago ay inilarawan sa Aklat ni Marcos.

At sinabi niya, Ganyan ang kaharian ng Dios na gaya ng isang taong naghahasik ng binhi ng lupa; At natutulog at nagbabangon sa gabi at

araw, at **sumisibol at lumalaki ang binhi** na di niya nalalaman kung paano. **Sa kanyang sarili ay nagbubunga ang lupa; una-unay usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humuhitik sa uhay.** (Marcos 4:26-28).

Ang baiting na Pagiging Binhi o Butil sa espirtual na paglago ay tumutukoy sa karanasan ng kapanganakang mag-uli ng mananampalataya kay Jesucristo. Ang paglago ng Binhi ng Buhay ay nagsisimula sa puso matapos tanggapin ng tao ang Dugo ni Jesus bilang Pantubos para sa kanyang kasalanan. Kapag ang tao ay maging mananampalataya sa Tagapagligtas, kailangan na niyang ihanda ang kanyang puso upang ang Binhi ng Buhay ay lumago. Ang pananalangin at pag-aaral ang mag-aararo sa kasalanan-napakatigas na kapaligiran ng bagong Binhi ng Buhay upang ang baiting na pagiging Usbong ng paglago ay lumitaw. Kapag ang Usbong, baitang ng paglago ay lubusang nabuo ang Bungang Uhay ay madadagdag sa espirtual na halaman. Katapustapusan, sa huling baiting na paglago, ang butil na humihitik sa uhay ay handa ng anihin. Ang mga ani ay maaaring ibahagi at ibigay bilang pagkain sa iba pang nagugutom na mga puso.

Ang butil na sapat na sa gulang ay makapamumungang muli sa kanyang sarili sa ibang lupa. Nais ng PANGINOON na ang Kanyang Salita ay lubusang lumago sa bawat isang mananampalataya upang maibahagi naman ito sa ibang mga puso. Kung gayon, ang Binhi ay makakapag-ugat na pailalim at makapagbubunga paitaas sa buhay ng mga ibang tao.

Bukod sa pagtupad sa Kautusan ng Dios sa paglago, bakit pa nanasain ng isang mananampalataya na lumago? Ang sagot ay dahil sa may ibat-ibang Walang Hanggang Gantimpala ang matatamo base sa antas ng paglago na naabot ng mananampalataya. Ang Bibliya ay malinaw na nagsasaad ng apat na posibleng antas ng Kaluhaltian na maaring matamo. Ito rin ay tumutukoy sa apat na Walang Hanggang Dakong Tahanan. Bawat tao ay gugugol ng Walang Hanggan sa isa sa apat na dakong ito. Kung siya ay mananampalataya, mabubuhay siya sa isa sa tatlong lugar na ito: Bagong Langit, Bagong Lupa, o Bagong Lungsod. Sa antas na paglagong tinamo ng mananampalataya malalaman ang kanyang Walang Hanggang Tahanan. Ang pang-apat na Walang Hanggang Tirahan ay ang Lawa ng Apoy, na inihanda para sa mga hindi sumampalataya at sa kanilang lider, ang nahulog na si Lucifer. Sa Dios, gaya nang sa ating natural na mundo, ang gantimpala ay base sa ating mga nagawa.

Ang Salita ng Dios ay gumamit ng tatlong paraan upang ilarawan ang iba't ibang kategorya ng mananampalatayang nabuhay na mag-uli. Ikinumpara ni

Apostol Pablo ang mga antas ng Kaluwalhatian sa Muling Paggabuhay na matatamo ng mananampalataya sa kaluwalhatian o liwanag mula sa natatanaw sa langit gaya nang may kaugnayan sa lupa. Silang may pinaka kaunting kaluwalhatian, ikinumpara ni Pablo sa mga bituin (na hindi parepareho ang kaluwalhatian). Silang may mas higit na kaluwalhatian ay ikinumpara sa buwan; at ang may pinaka dakilang kaluwalhatian ay ikinumpara sa araw.

Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng bituin: sapagkat ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian. Gayon din ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinanim na may kasiraan, binubuhay na maguli na walang kasiraan (I Corinto 15:41, 42).


Ikinumpara rin ng Salita ng Dios ang mga katawan ng mananampalataya sa pagkabuhay na maguli sa *kasuotan*. Tiniyak ni Pablo na ang tao ay madaramtan ng Espiritual na Kasuotan sa panahon na siya ay magbangon sa umaga ng pagkabuhay.

Sapagka't nalalaman namin na kung masira ang aming bahay na tabernakulong ukol sa lupa, ay mayroong kaming isang gusaling mula sa Dios, bahay na hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan, sa sangkalangitan. Sapagka't tunay **na sa ganito kami ay nagsisihibik, na nangagnanasang mabihisan kami ng aming tahanang mula sa langit:** (II Corinto 5:1,2).

Ipinaliwanag sa Aklat ng Pahayag ang tatlong magkakaibang uri ng Kasuotan na susuotin ng mga banal. Sinasabi rin nito kung saan mabubuhay ang mga banal sa Walang Hanggan.

Yamang ang Huwarang Tabernakulo ay ang unang pinaka dakilang larawan na espiritual na paglago, napakadaling ilapat ang tatlong klase ng Pagkabuhay na Magulang Kaluwalhatian, ang tatlong iba't ibang uri ng Kaluwalhatiang Kasuotan, at ang tatlong lugar ng Walang Hanggan sa iba't ibang bahagi ng Tabernakulo.

(tingnan ang larawan sa kasunod na pahina.)



Ang tatlong pangunahing dibisyon ng Tabernakulo (ang Looban ng Tabernakulo, ang Dakong Banal, ang Kabanal-banalang Dako) ay nagpapahayag ng mga karanasan ng Katotohanan na dapat matutunan doon; ang tatlong antas ng Kaluwalhatian na matatamo doon habang lumalago sa espiritual na paglago; at ang tatlong baitang ng paglago na magpapakilala kung saan ang walang hanggang tahanan ng mananampalataya. Ang tatlong pangunahing antas ng Kaluwalhatian sa Pagkabuhay at ang Walang Hanggang Tahanan ay maliwanag na nagpapakita ng lugar sa paglago at kaalaman at karanasan sa Napakong si Cristo na natamo ng mananampalataya habang nasa Lupa.

Ang mga Kristianong naniwala sa Katotohanan ng Salita ng Dios at silang may mga karanasan sa Dugo at Apoy, na matatagpuan sa Damang Tanso sa Looban ng Tabernakulo, ay magniningning gaya ng mga bituin, at ang mga bituing ito ay magkakaiba ng liwanag. Silang mas lumago pa, habang sila'y umuusad sa mas malapit na pakikipagrelasyon kay Jesus at nagtamo ng mga karanasan ng iba't-ibang klase ng pananalangin, Liwanag ng Salita, Kalakasan sa Salita na matatagpuan sa Dakong Banal, ay magniningning gaya ng Buwan. Silang mga lumago sa Kasakdalan ng Espiritual na Pangangatawan ng may Sapat

na Gulang sa Awa at Pagibig ni Jesucristo ay magniningning gaya ng Araw. Ang mga may taglay ng Kaluwalhatian ng Araw ay nagsuko ng kanilang mga puso at buhay sa Pangungulo ni Cristo, na nangangahulugang lumago sila hanggang sa taluktok ng Krus o hanggang sa Kabanal banalang Dako. Mayroon silang Batas na nakasulat sa kanilang puso, kaya ang kanilang pag iisip ay kaisa ng Mababang Pagiisip ng PANGINOON.

Ang Aklat ng Pahayag ay nagpapahayag tungkol sa tatlong uri ng Kasuotan na dadamtin ng mga banal na nabuhay maguli, na mga: Puting Kasuotan, Mapuputing Damit, at Puting Lino. Ang tatlong klase ng nabuhay na maguling mga banal ay matatagpuan sa iba't ibang lugar sa Walang Hanggan. Pahayag, kapitulo pito, bersikulo siyam hanggang labing pito, ay nagpapaliwanag na ang mga banal na nakasuot ng Puting Kasuotan ay mananatili sa Langit, kung saan paglilingkuran nila ang Dios. Tumutukoy sa karamihang nakasuot ng Mapuputing Kasuotan, sinasabi sa Kasulatan:

Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios; at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo. (Pahayag 7:15).

Ang mga nakasuot ng Puting Kasuotan ay hindi na aalis sa Langit; mananatili sila doon magpawalang hanggan. Magkakaroon sila ng kaluwalhatianang gaya ng mga bituin.

Isa pang grupo ng mga mananampalataya na nakasuot ng *Mapuputing Damit* at *Putong na Ginto* ay gugugulin ang Walang Hanggan sa *Bagong Lupa*.

At sa palibot ng luklukan ay may dalawangpu't apat na luklukan: at sa mga luklukan ay nakita kong nangakaupo ang **dalawangpu't apat na matatanda, na nadaramtan ng mapuputing damit; at sa kanilang mga ulo ay may mga putong na ginto.** (Pahayag 4:4).

Ang mga taong ito ay nakilala si Jesus sa mas malalim na paraan kumpara sa mga nakasuot ng Maputing Kasuotan, kaya mayroon silang ibang Kasuotan, ibang Kaluwalhatian, at ibang lugar na tahanan. Ang kababaang ginawa nila sa kanilang personal na buhay habang nasa Lupa na magpapaging posible sa kanila na magkaroon ng kapangyarihang mamahala sa mga taong mananahan sa Bagong Lupa na walang kamatayan, ang mga pisikal na katawan ay pagagalangin ng mga dahon mula sa Punong Kahoy ng Buhay sa Banal na Lungsod. Ang mga Putong na suot ng mga naka Puting mga Damit ay nagpapahayag na sila ay magiging tagapamahala. Sa kapitulo lima ng Pahayag, bersikulo walo hanggang sampu, ay nagsasabi kung saan ang mga banal na ito mamumuhay. Sa bahagi, kapitulo sampu ay nagsasabi,...”at silay iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Dios; at **sila’y nangaghahari sa ibabaw ng lupa.**”

Sa Aklat ng Pahayag sinasabi na ang grupo ng mga naka-Mapuputing mga Damit hindi lamang kasama ng *dalawamput apat* na Matatanda, sino ang naka Damit ng Mapuputi, kundi ang *apat* na Nilalang. (Parehong simboliko ang kanilang mga bilang.) Inilarawan ni Juan ang mga Nilalang na ito.

At sa harapan ng luklukan, ay wari na may isang dagat na bubog na katulad ng salamin; at sa gitna ng luklukan, at sa palibot ng luklukan, ay may **apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran. At ang unang nilalang ay katulad ng isang leon, at ang ikalawang nilalang ay katulad ng isang guyang baka, at ang ikatlong nilalang ay may mukhang katulad ng sa isang tao, at ang ikaapat na nilalang ay katulad ng isang agila na lumilipad. At ang apat na nilalang na buhay, na may anim na pakpak bawa't isa sa kanila, ay mga puno ng mata sa palibot at sa loob; at sila'y walang pahinga araw at gabi, na nagsasabi, Banal, banal, banal, ang Panginoong Dios, ang Makapangyarihan** sa lahat, na nabuhay at nabubuhay at siyang darating. (Pahayag 4:6-8).

Bagaman wala sa Kasulatan na nagsasabi na ang Kasuotan ng mga Nilalang na ito ay Mapuputing Damit, matuwid na pagpasyahang gayon na nga dahil sa kanilang kinalalagyan sa palibot ng Luklukan kasama ang Dalawampu't apat na Matatanda, ay mga nakasuot ng Mapuputing Damit, at ang kanilang ministeryo sa Bagong Lupa kasama ng Dalawampu'y apat na Matatanda. Sa Pahayag 5:10, ang mga Hari at Saserdote (Ang mga Nilalang at Matatanda) ay nagsasabi “At sila’y nangaghahari sa ibabaw ng lupa.” Ang grupong ito ng mga mananampalataya ay lumago sa kanilang Espiritual na Pangangatawan sa Dakong Banal; kung magkagayon, sila ay gagantimpalaan ng Kapangyarihan na Gobyernong Pamamahala sa Bagong Lupa. Sa Tabernakulo, ang Kapamahalaan ng Tinapay ay inilalagay sa Dakong Banal, kaya sinasaad nito na sa Dakong Banal ay lugar ng Makapangyarihang Pamamahala.

Ang huling grupo ng mga nagtagumpay na mga banal na magsusuot ng *Mapuputing Lino*. Ang kanilang Kaluwalhatian ay gaya ng sa Araw, at gugugulin nila ang Walang Hanggan sa *Bagong Lungsod*.

Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang **pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na. At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal.** At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios. (Pahayag 19:7-9).

Ang mga mananagumpay na inilarawan sa bersikulong ito ay ang mga nagsilago hanggang sa kasakdalan ng gulang sa espirtual. Habang sa kanilang paglalakbay, isinuko nila ang kanilang mga gawa, makasariling kalooban kay Jesucristo at nangabuhay ayon sa Kanyang Kalooban at Direksyon. Silay naging Kanyang Kasintahan sapagkat naabot nila ang kasakdalan ng paglago, ang kanilang relasyon ay nakarating sa Pakikiisa ng kanilang kalooban sa Kalooban ni Jesucristo; at inensayo nilang lubusang tumiwala kay Jesus bilang kanilang Asawa. Nilakbay nila sa kanilang makalupang paglalakbay mula Ehipto (ang sanlibutan) patungong Lupain ng Canaan, sa espirtual, gaya ng ginawa ng Israel sa kanilang literal na paglalakbay.

Nang ang Israel ay namuhay sa Lupain ng Canaan, nakilala siya bilang Kasintahan ng Dios. Kinailangang alagaan at linangin ng Kasintahang Babae ang Binhi ng Buhay mula kay Jesus hanggang sa ito ay lumago sa Kahitikan ng Bunga. Nakuha niya ang Liwanag at Kaalaman ng Kaluwalhatian ng Katotohanan mula sa Kasintahang Lalaki upang maaari niya itong ibahagi sa iba habang buhay sa Walang Hanggan.

Kapag nasilayan ng sinoman ang Kaluwalhatian at Kagandahan ng Kasintahang Babae (sapagkat ang kasintahang babae ay siyang magsusuot ng marangya, napakagandang Linong Maputi), ang pagnanasang maging Kasintahang Babae ay madaling mapupuno sa puso. Sinabi ng Biblia na inihanda ng Kasintahang Babae ang kanyang sarili. Sinasabi rin nito na ang Walang Dungis, Maputi, Linong Damit Pangkasal ay hinabi sa pamamagitan ng kanyang matuwid na pag iisip, gawa at pag uugali. Hindi matatamo ng Kasintahang Babae ang Kaluwalhatian ng Damit Pangkasal bilang isang regalo. Ang kaloob lamang ng Kasintahang Lalake sa kanya ay ang Puting Kasuotan ng Kaligtasan na nabuo sa pamamagitan ng pundasyong mga karanasan sa Dugo, Apoy at Tubig sa Looban ng Tabernakulo. Habang ginagamit niya ang Dugo, Apoy at Tubig sa kanyang makalamang kalikasan, ang kanyang espirtual na Pangangatawan ay lumago hanggang tamuhin ang Mapuputing Damit ng Kapangyarihan na naroon sa Dakong Banal. Suot ang mga Damit ng Kapangyarihang Pagpapakumbaba, napamamahalaan niya at napagwawagihan ang kaniyang pag uugali at mga gawi na pumipighati sa puso ng Kasintahang Lalake, at ang kaniyang Espiritual na Pangangatawan ay patuloy sa paglago at pag-gulang hanggang sa kasakdalan. Dapat na magawa ng Kasintahang Babae ang higit sa pagkatuto tungkol sa kalinisan, kabanalan at matuwid na mga Prinsipyo na namamahala ng mga Desisyon at mga Kahatulan ng kanyang Espiritual na Asawa. Ang kanyang puso ay perpektong nakiisa sa Kanyang Puso, sa Kabanal banalang Dako, na ginanap niya ang gayong Pagpapakumbaba at Katuwiran sa nakita niya sa Kanya.

Habang nasa Lupa, ang katuwiran ng Kasintahang Babae ay nakita sa kanyang

sarili, Una, patungo sa kanyang Espiritual na Kasintahan. Natutunan niyang panatilihin ang matuwid na pag uugali patungo sa Dios at nilinis niya ang Pangalan ng PANGINOON sa pamamagitan ng lagi nang pagkilala sa Kanyang Pamamahala at Pagiging Puno sa kanya na Banal, Matuwid at Sakdal. Pinanatili niyang matuwid ang kanyang pagiisip, salita, at pag uugali, kahit pa salungat, nakakababang sitwasyon. Pangalawa, natutunan niyang iensayo ang katuwiran patungo sa mga nakasalamuha niya at kanyang ministryuhan.

Maraming taon makalipas na si Cristo ay naparito sa Lupa at nagkatawang tao, inihula ni Propeta Joel ang Muling Pagbabalik ng PANGINOON kasama ng kanyang mga hukbo (Joel 2:1-11). Isang bersikulo sa Pahayag ay nagsasabi na ang mga Hukbo ay paparito sa Lupa kasama ng PANGINOON at sa pagkakataong ito ay nakasuot ng Mapuputing Lino.

At ang **mga hukbong** nasa langit ay **sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong maputi at dalisay.** (Pahayag 19:14).

Kung gayon, alam natin na ito'y walang iba kungdi ang Kasintahang Babae, handang makibaka at lumaban para sa Katuwiran, Banal na Kalooban ng Dios.

Pagkatapos ng isang libong taon ng paghahari ni Jesus sa Lupa, at matapos ang Kalooban ng Dios ay matatag na maitayo sa Lupa ng Kasintahang Lalake, si Jesucristo, at Kanyang Kasintahang Babae, ibibigay ng PANGINOON ang pamamahala sa Lupa sa muling nabuhay na si Haring David upang siya ay makaupo sa makalupang trono gaya ng inihula ni Propeta Jeremias, Ezekiel, Hosea, at Amos. At, ang Kasintahang si Jesucristo at Kanyang Kasintahang Babae ay tutungo sa Bagong Lungsod, Bagong Jerusalem, kung saan nila gugugulin ang kanilang Walang Hanggang Tahanan. Sa Walang Hanggang Salinlahi, mamumuno at mamamahala ang Kasintaang lalake at Kasintahang Babae mula sa Bagong Jerusalem na nakita ni Juan na bumababang mula sa Langit.

Ang pagiging Kasintahang Babae ni JesuCristo ang Gantimpalang hinahangad ni Apostol Pablo. Ito ang pinakamataas na Gantimpala para sa pinakamataas na espiritual na matatamo. Ito ay mahigit pa sa lahat ng mga gintong medalya sa Olympic o Nobel na gantimpala sa buong mundo, sapagkat ito'y **Walang Hanggang Gantimpala**. Ito ang dahilan kung bakit dapat naisin ng mga Kristiano na lumago, hindi lamang sa Walang Hanggang Gantimpala kundi dahil sa kasalukuyang kaligayahan at kasiyahan na makilala si Jesus sa mas mahigit na paraan sa pang habang buhay. Ito'y higit na oportunidad sa habang buhay; ito ay oportunidad sa lahat ng Panahon at Walang Hanggan!



Apendises

Ang mga Katotohang pinagsamasama, siniksik, at binuod na bersyon ng tatlong maliliit na aklat: Paglago sa Dios, Ang Pangangailangan para sa Espiritual na Paglago at Mga Sikreto patungo sa Espiritual na Paglago ay ginawang mas mainam sa mas higit na detalye sa mga pangunahing gawa ni B. R. Hicks. Para sa mas maraming pruwera ng Espiritual na Prinsipyo ng dahan dahang paglago patungo sa espiritual na kasakdalan basahin ang *Paglalakbay ng Israel mula Ehipto hanggang sa Lupain ng Canaan*.

Isa pang detalyadong pag aaral, na tinukoy na bahagya sa maliit na aklat na ito, ay mga aklat tungkol sa *Tatlong Kalikasan ng Tao, Volume Isa, Dalawa, at Tatlo*. Volume Isa ay tumutukoy sa limang natural na pandama ng tao at nagpapakita kung paano nadumihan at nadungisan ito ng nahulog na Lucifer. Volume Dalawa ay nagsasabi kung ano ang mga nasa loob ng puso ng tao na nagkokontrol sa kanyang pag iisip, gawa, at damdamin bago niya ibigay ang kanyang puso kay Jesus para sa paglilinis. Tinitingnan din nito ang pinaka sentro ng tao na nagpapahayag ng kanyang pagmamataas at ang *kamangmangan o katawan ng kasalanan* na tumitira sa pinaka loob ng bawat makasalang puso. Katapustapusan, Volume Tatlo ay nagpapahayag tungkol sa kalooban ng tao at kung anong nangyari nang pumasok ang kasalanan sa Halamanan ng Eden. Ang mga aklat na ito ay makakatulong sa tao na maunawaan kung bakit gayon ang kanyang gawi at damdamin at kung ano ang dapat niyang gawin upang mabuhay ng mas masaya, mas matagumpay sa buhay espiritual. Hindi lamang nilista dito ang mga sakit ng tao kundi pati ang kagamutan sa mga sakit na ito. Ang pag unawa sa ating sarili ay nakatutulong na maunawaan din natin ang iba at maging bukas ang isip para sa iba.

Ang maliit na aklat ding ito ay tumutukoy sa patern ng paglago, ang Huwarang Tabernakulo. Ang aklat na *Mahahalagang Kayamanan sa Tabernakulo* ay ang masusing pag aaral ng Tabernakulo sa ilang na itinayo ni Moises ayon sa Plano ng Dios na ibinigay sa kanya. Sa Tabernakulo ay ang kahanga hangang rebelasyon ng Pangangatawan ng Anak ng Dios, si Jesucristo. Ang pag unawa sa Tabernakulo, sa pagkatayo nito, sa mga materyales, sa mga kasangkapan, at mga Saserdote na nagministeryo doon (lalo na ang Mataas na Saserdote) ay makatutulong sa mga puso na nagnanasang makilala ang PANGINOONG Jesucristo sa mas magandang paraan.

Ang huling pinakamahalagang pag aaral na ginamit sa maliit na aklat na ito upang ipaliwanag ang paglago sa kasakdalan ay ang Sumulat ng aklat ng Kasintahang Lalake at Kasintahang Babae, *Ang Awit ng Pagibig mula sa Awit ni*

Solomon. Ang Espiritual na Kasintahang Babae ay grupo ng mga tao na umibig kay Jesus at naabot ang tamang pag gulang sa pamamagitan ng kanilang mga “karanasan sa paglago” sa Salita ng Dios at sa Espiritu. Gayon man, handa sila sa kanilang mga puso na makiisa sa Kasintahang Lalake, si Jesucristo, sa Kasalang Pagiisa ng kanilang mga kalooban. Ang aklat na ito ay nagpapahayag ng iba pang dakilang larawan ni Jesucristo. Sa pagkakataong ito, napakita Siyang Isang impluwensya, pag ibig, at nagpapahayag ng Kaniyang Sarili sa mga nagnanasang makilala Siya ng kanilang puso sa malalim, personal na paaan. Sa mga nag aasam na makilala kung paano ibigay ng lubos ang kanilang puso sa PANGINOON, ang aklat na ito ay talagang nagpapatibay. Ang makilala Siya ay ang Umibig sa Kanya. Makikita ng tao, habang nag aaral siya ng Salita ng Dios, na ang buong Biblia ay kapakinabangan sa kanya sa lahat ng paraan. Ito ay gabay upang makilala si Jesus, makilala ang sarili, at maunawaan ang iba, na makakaragdag sa espiritual na paglago. Kaalaman dagdagan ng mga karanasan ay katumbas ng mabuting espiritual na paglago. Kaya naman sinasabi ng Biblia na tayo ay maging *tagatupad* ng Salita at hindi *tagaakinig* lamang. Hindi maaaring ihiwalay ang *pagkilala* sa Dios at *paglago* sa Dios.

Upang bumili ng alinmang nabanggit na mga aklat o humingi ng kumpletong listahan ng mga aklat mula sa Christ Gospel Press sumulat sa address sa ibaba o tumawag sa (812) 282-8458, ext. 1303, o bumisita sa Christ Gospel website sa: www.christgospel.org

Christ Gospel Press
P. O. Box 786
Jeffersonville, Indiana 47131-0786